

5

Filipino

Talaan ng mga Gawain

(Unang Kwartar)

Department of Education

June 2016

FILIPINO 5

TALAAN NG NILALAMAN

Aralin 1	Pag-unawa sa Binasang Kuwento	-----	1
Aralin 2	Pagtatala ng Mahahalagang Detalye Mula sa Binasa	-----	4
Aralin 3	Pag-unawa sa Binasa	-----	7
Aralin 4	Pagbasa ng Anekdotang	-----	10
Aralin 5	Pagbasa ng Talaarawan	-----	13
Aralin 6	Pagbasa ng Talambuhay	-----	16
Aralin 7	Pagbibigay ng Angkop na Pamagat	-----	20
Aralin 8	Pagbabalangkas	-----	22
Aralin 9	Pagpuno ng Datos sa Isang Form	-----	25
Aralin 10	Pagbibigay ng Paksa ng Isang Talata	-----	28

Aralin 1

Pag-unawa sa Binasang Kuwento

Tuklasin Mo

Tukuyin ang kahulugan ng salita na may salungguhit sa bawat pangungusap.

1. Iisa ang tsinelas na nakita ni Benny. Nawawala ang kabiyak nito.
2. Sinilip niya ang iba't ibang parte ng kanilang bahay pero wala dito ang kaniyang hinahanap.
3. Nasugatan tuloy ang kaniyang balikat kaya hindi niya maitaas ang kaniyang braso.

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito upang maunawaan ang babasahing kuwento.

Alamin Mo

Basahin natin ang kuwento.

Maagang nagising si Ariel. Naligo kaagad at nagsimulang magbihis ng kaniyang bagong uniporme. Nang biglang, sinilip niya ang ilalim ng kaniyang kama. Binuksan muli ang kaniyang kabinet. Pero wala ang kaniyang hinahanap.

“O, Ariel matagal ka pa diyan?”

“Hinahanap ko po kasi ang kabiyak ng aking medyas.”

“Hindi ba iyang nasa balikat mo?”

“Ay... andito lamang pala. Salamat po,” sabay kamot sa kaniyang ulo.

Kasunod nito ang isang mahigpit na yakap at isang matunog na halik na ibinigay sa kaniyang nanay.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong batay sa binasang kuwento.

1. Sino si Ariel?
2. Ano-ano ang ginawa niya nang umagang iyon?
3. Ano ang kaniyang suliranin?
4. Sino ang pumasok sa kaniyang silid?

5. Bakit siya pumasok?
6. Saan niya nakita ang kaniyang hinahanap?
7. Ano ang naramdaman niya nang makita ang kaniyang hinahanap?
8. Ilarawan si Ariel.
9. Paano mo pinasasalamatan ang mga taong nakatulong sa iyo?

Basahin muli ang kuwento ni Ariel.

Ano-ano ang pangngalan na ginamit dito?

Alin sa mga ito ang tumutukoy sa ngalan ng tao? Bagay? Hayop?

Pangyayari?

Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

Gawin Ninyo

A. Basahin ang kuwento at sagutan ang mga tanong tungkol dito.


Araw ng Sabado. Walang pasok ang mga bata. Nagkita-kita ang magkakaibigan na Ped, Mark, at Tony sa may parke.

Dali-daling lumakad ang magkakaibigan. May sumisigaw. May umaawit. Lahat ay masaya hanggang sa makarating sa ilog.

Kaagad lumusong si Ped at si Mark.

Nawili sa paliligo ang mga bata. Hindi nila namalayan ang oras. Madilim ang paligid. Sabay-sabay umahon sa tubig ang magkakaibigan. Isa man ay walang nakapagsalita habang pauwi sila.

Ibigay ang hinihiling ng balangkas tungkol sa binasang kuwento.



B. Itala at ipangkat ang mga pangngalan na ginamit sa binasang kuwento. Pumili ng isa sa bawat kategorya at gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

Gawin Mo

A. Sagutin ang mga tanong matapos basahin ang kuwento.

Si Rene ay ibinili ng bisekleta ng kaniyang magulang. Pinapayagan siyang magbisekleta ngunit bawal sa kaniya ang magpunta sa highway.

Isang araw, nangahas si Rene na pumunta sa highway. Hindi niya nakita ang paparating na sasakyan, kaya dinala siya sa ospital.

Iguhit ang hinihingi ng bawat kahon.

Regalo kay Rene	Lugar na Bawal Puntahan ni Rene	Lugar na Pinagdalan kay Rene
-----------------	---------------------------------	------------------------------

B. Sumulat ng isang pangungusap tungkol sa mga iginuhit sa naunang gawain. Bilugan ang mga pangngalan na ginamit.

Isaisip Mo

Upang matandaan ang mga detalye mula sa binabasa, kailangang _____.
Ang pangngalan ay mga salitang _____.
Sa pagsulat ng isang balita, kailangang ilagay ang mahahalagang detalye tulad ng _____, _____, at _____.

Isapuso Mo

Sino ka sa mga tauhan mula sa mga nabasa mong kuwento sa araling ito? Bigyang-katwiran ang sagot.

Isulat Mo

Sumulat ng isang maikling balita tungkol sa nangyari kay Rene. Salungguhitan ang mga pangngalan na ginamit. Gawin ito sa isang sagutang papel.

Aralin 2

Pagtatala ng Mahahalagang Detalye Mula sa Binasa

Tuklasin Mo

Tukuyin ang kahulugan ng salita na may salungguhit sa bawat pangungusap.

1. Si Mario ay magaling na pintor. Mahilig siyang magpinta ng mga magagandang tanawin.
2. Sumali siya sa isang paligsahan at nagkamit ng unang gantimpala.
3. Itinanghal sa paaralan nina Mario ang kanilang mga naggagandahang guhit upang makita ng kanilang mga magulang at kaibigan.

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito upang maunawaan ang babasahing kuwento.

Alamin Mo

Basahin.

Si Jose V. Blanco ay kilalang pintor sa Angono, Rizal. Maraming gantimpala ang nakamit niya at nagkaroon ng pagkakataon na makarating sa iba't ibang bansa dahil sa kaniyang pagguhit. Noong 1978, sumali ang Pamilya Blanco sa pagtatanghal sa National Museum. Nasundan ito noong 1979 – ng pagtatanghal noong 1980 sa The Gaue Holland. Nagtanghal din sila sa Cultural Center of the Philippines. Ang unang One-Man Show niya ay itinanghal sa Manila Hilton Gallery noong 1971. Nasundan ito noong 1972-1973 sa Gallerie Bleve noong 1976 sa Hyatt Regency Art Gallery.

Hango mula sa Hiyas sa Pagbasa 5, Binagong Edisyon 2010, pp. 80-83.

Punan ng impormasyon ang mga kahon mula sa binasang teksto.

Kilalang pintor
Pinagmulang lugar
Mga Sinalihang Pagtatanghal ng Pamilya Blanco

Upang maunawaang mabuti ang binabasa, kailangang itala ang mga mahahalagang detalye mula dito katulad ng tao na binanggit, petsa at pangyayari na isinaad sa talata.


Ano-ano ang pangngalan na ginamit sa binasang talata? Paano isinulat ang mga pangngalang ginamit sa teksto? Alin sa mga ito ang pambalana? Pantangi?

Gawin Ninyo

Itala ang mahahalagang detalye mula sa babasahing mga talata.


1. Si Larry Alcala ay nagsimulang maging kartunista noong 1946. Nakalikha siya ng mga sikat na tauhang sinubaybayan ng tao sa mga komiks at magasin, katulad ng Kalabog en Bosyo, ang unang kartun sa bansa na isinapelikula at ang Asyong Aksaya. Noong MARso 15, 1984, isa siya sa ginawaran ng Life Achievement Award ng KOMOPEC BO (Komiks Operation Brotherhood) dahil sa kaniyang mahalagang ambag sa industriya. Nagturo siya sa Unibersidad ng Pilipinas at nagsimula ang tinatawag na Commercial Art- bilang kursong pangkolehiyo noong 1953.

- *hango mula sa Hiyas sa Pagbasa 5, Binagong Edisyon 2010, pp. 80-83.*



2. Ang karaniwang paksa ni Fernando Amorsolo sa pagguhit at ang tanawing bukid, makasaysayang pangyayari, at iba't ibang larawan ng tao tulad ng isang matanda o mayuming dalagang nayon. Ang kaniyang mga naiwang alaala na bunga ng sipag at pagtitiyaga ang siyang susi sa pagiging isang Pambansang Alagad ng Sining. Naging Direktor siya sa School of Fine Arts ng Unibersidad ng Pilipinas hanggang sa kaniyang pagreretiro noong 1957.


- *hango mula sa Hiyas sa Pagbasa 5, Binagong Edisyon 2010, pp. 80-83.*




Gawin Mo

Ibigay ang hinihingi matapos basahin ang bawat talata.

1. Si Marcelo H. del Pilar ay tinaguriang Dakilang Propagandista. Isa siyang abogado na kilala sa pagsulat ng mga artikulo laban sa pang-aabuso ng mga paring Español. Ipinagpatuloy niya ang gawaing ito sa España kung saan naging patnugot a tagapaglathala ng La Solidaridad. Sa kakulangan ng pera at pangungulila sa pamilya, nagkasakit siya at namatay sa España.
- *hango mula sa Hiyas sa Pagbasa 5, Binagong Edisyon 2010, pp. 80-83.*
Kompletuhin ayon sa binasa.



2. Ipinaglaban ni Padre Jose Burgos ang karapatan ng mga Paring Pilipino na mabigyan ng sariling parokya. Sumulat siya sa matataas na pinuno ng pamahalaan ng España upang mabigyan ng katarungan ang maling pamamalakad ng mga namumunong Español sa Pilipinas. Ngunit hindi pinakinggan ng pamahalaan ang kaniyang mga isinulat na liham at artikulo sa mga pahayagan. Pinagbintangan pa siyang kasali sa Cavite Mutiny kasama ni Padre Gomez at Padre Zamora. Nahatulan silang bitayin sa kasalanang hindi nila kailanman ginawa.
- *hango mula sa Hiyas sa Pagbasa 5, Binagong Edisyon 2010, pp. 80-83.*



Isaisip Mo

Sa pagbasa ng talata, kailangan nating itala ang mga mahahalagang detalye mula rito tulad ng _____, _____, at _____.

Ang mga pangngalang pantangi ay nagsisimula sa _____ samantalang sa _____ naman ang pangngalang pambalana.

Isapuso Mo

Paano mo ipagmamalaki ang magagandang ginawa ng mga Pilipino para sa kapuwa Pilipino?

Isulat Mo

Sumulat ng isang liham para sa iyong paboritong bayani. Pasalamatnan siya sa kaniyang mga nagawa para sa Pilipino.

Aralin 3

Pag-unawa sa Binasa

Tuklasin Mo

Tukuyin ang kahulugan ng salita na may salungguhit sa bawat pangungusap.

1. Ang mga taong sumama sa prusisyon ay naglakad nang malayo habang nag-aalay ng panalangin sa kanilang mahal na patron.
2. Naggagandahan at makukulay na mga bulaklak ang nakalagay sa mga karong pinagsakyan ng patron ng baryo.
3. Matapos ang prusisyon sa simbahan, dinumog at nag-una-unahan ang mga tao sa mga bulaklak na nakalagay sa sasakyan ng patron sa paniniwalang ito ay magbibigay sa kanila ng pagpapala.

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito upang maunawaan ang babasahing kuwento.

Alamin Mo

Ang Quiapo ay matatagpuan sa Maynila, ito ay tinatawag nilang downtown noong mga nakaraang panahon na hindi pa uso ang mga mall. Maraming lugar dito ang mabibilhan ng iba't ibang paninda tulad ng mga damit, sapatos, at kasangkapan. Dito rin matatagpuan ang simbahan ng Quiapo na lalong nagpatanyag sa pook na ito.

Masayang ipinagdiriwang ang pista ng Quiapo tuwing ika-9 ng Enero. Sa nakakarami, ang araw na ito ay araw ng pasasalamat at pagdarasal. Libo-libong tao ang sumasama sa prusisyon. Karamihan ay mga lalaki na pawang deboto ng Poong Nazareno na kilala sa tawag na Nazareno.

Dinudumog ng mga deboto ang imahen. Karaniwan nilang ipinapahid ang kanilang mga panyo sa katawan nito. Upang maiwasang mahulog ang mga nasa unahan ng karo dalawang mahahabang lubid ang ipinaikot sa karosa. Walang sinuman ang pinahihintulutang lumampas sa lubid. Tinatahak ng prusisyon ang mga lansangan Ano-ano ang ginawa niya nang umagang iyon?

1. Ano ang lugar na binanggit sa teskto?
2. Bakit *downtown* ang tawag sa Quiapo?
3. Kailan ang pista ng Quiapo?
4. Paano ipinagdiriwang ang pista ng lugar na ito?
5. Bakit nagdiriwang ng pista sa isang lugar?
6. Ano-ano ang pangngalang ginamit sa binasang teksto?
7. Ano ang mga salitang maaaring ipamalit sa mga salitang tinukoy?
8. Ano-ano ang salitang hiram o hindi Filipino sa binasang teksto?
9. Paano ito binaybay?
10. Paano ang mga ito isinulat?

Gawin Ninyo

- A. Basahin ang talata na ito at sagutan ang mga tanong tungkol dito.

Noong araw, hindi umaalis ng bahay ang mga dalaga nang nag-iisa. Sinusundo sila kapag mayroon silang pupuntahan. Ito ay naging ugali na ng mga tao sa Parañaque noon. Tinatawag nila itong Sunduan. Ang Sunduan ay isang matandang kaugalian.

Twing pista sa bayan ng Parañaque, ang Sunduan ay kanilang binubuhay. May committee na namamahala sa mga gawain at pagtatanghal kung pista. Ang puno o chairman nito ay hermano mayor. Kung babae ang chairman tinatawag itong hermana mayor. Ang committee ang pumipili ng mga dalaga at binata na gaganap sa sunduan. Magagandang dalaga at makikisig na binata na may kasiyasiyang ugali ang pinipili. Isang karangalan para sa mga dalaga at binata ang mapabilang sa Sunduan.

Sa kaarawan ng pista, sinusundo ng mga binata ang mga dalaga, kasama ang banda ng musiko. Lumalakad sila sa mga pangunahing lansangan ng bayan. Makikisig ang mga binata sa kasuotang barong at naggagandahan naman ang mga dalaga sa kanilang baro at saya. Makukulay ang payong nila. Nagtatapos ang masayang paglalakad sa bahay ng hermano mayor. Isang masaganang salu-salo ang naghihintay sa kanila roon.

1. Ano ang sunduan?
2. Ano ang kaugaliang ipinapakita ng tradisyong ito?
3. Saang lugar ito sinusubukang ibalik muli?
4. Ano-ano ang salitang hiram na ginamit sa teksto?
5. Paano dapat isulat ang mga ito?

Gawin Mo

A. Sagutin ang mga tanong matapos basahin ang kuwento.

Makaysaysayan ang Araw ng Rebolusyong EDSA . Ipinagdiriwang ito tuwing ika-25 ng Pebrero. Ang araw na ito ang naging hudyat ng pagbalik ng kalayaan ng mga mamamayan na matagal ring ipinagkait mula sa kanila. Nagkaisang nagtungo ang libo-libong mga Pilipino sa EDSA noong Pebrero 22-25, 1986. Ito ay sa harap ng Camp Aguinaldo at Camp Crame. Sinuportahan ito ng mga mamamayan. Tinawag itong Rebolusyong EDSA o EDSA Revolution. Tinatawag din itong People's Power Revolution o Rebolusyong Lakas-Sambayanan at Rebolusyon ng Pebrero.

Sagutin:

1. Ano ang ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Pebrero?
2. Ano ang ginugunita sa araw na ito?
3. Ano-ano ang salitang hiram na ginamit sa tekstong binasa?
4. Tama ba ang pagkakasulat ng mga ito?

Isaisip Mo

Upang matandaan ko ang mga detalye mula sa aking binabasa, kailangan kong _____.

Isapuso Mo

Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa mga nakaugaliang pagdiriwang sa bansa?

Isulat Mo

A. Sumulat ng isang talata na may lima hanggang walong pangungusap tungkol sa isang pagdiriwang sa inyong lugar. Bilugan ang mga ang mga salitang hiram na ginamit. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Aralin 4

Pagbasa ng Anekdotang

Tuklasin Mo

Magbigay ng tatlong salita na naaalala mo sa salitang **form**.

Alamin Mo

Ano ba ang anekdotang? Basahin ito upang mas maunawaan.

Nagkasakit si Pangulong Quezon kaya't siya ay dinala sa isang ospital upang mabigyan ng nararapat na lunas. Isang araw, dinalaw siya ni Padre Serapio Tamayo, na isa niyang kaibigan. At dahil nga hindi naman siya inaasahan, pinaghintay muna siya ng nars upang ipagbigay-alam sa Pangulo ang kaniyang pagbisita.

“Mr. President, the prest is here.”

Inakala tuloy ng Pangulo na ang kaniyang panauhan ay isang mamamahayag. Kaya't kaniyang pasigaw na sinabi, “Sabihin mo sa press na pumunta sa impiyerno.”

Subalit hindi pa siya natatapos sa kaniyang sinasabi ay nakapasok na ang mapilit na pari.

Sagutin:

1. Sino ang dinala sa ospital?
2. Bakit siya nanatili dito?
3. Sino ang kaniyang naging panauhin?
4. Ano ang naramdaman niya nang ipagbigay-alam ito ng kaniyang nars?
5. Bakit ganito ang kaniyang naramdaman?
6. Bakit siya napahiya sa kaniyang bisita?
7. Tungkol saan ang binasang akda?
8. Kaninong karanasan ito?

Balikan ang mga sagot sa ibinigay na tanong. May mga ginamit ka bang pangngalan? Ano-ano ito?

Gawin Ninyo

Kasama ang iyong kapangkat, pumunta sa silid-sklatan. Magsaliksik ng isang anekdota tungkol sa isang kilalang Pilipino.

Gamitin ang balangkas na ibinigay upang maipakita ang mga impormasyon na nakuha mula sa pagsasaliksik.

Pamagat ng Aklat : _____

May-akda : _____

Taon ng Pagkakalimbag : _____

Kilalang tao sa binasang anekdota : _____

Mga Pangyayari sa binasang anekdota: _____

Paglalarawan sa taong ipinakilala : _____

Natutuhan mula sa anekdota : _____

Gawin Mo

Basahin ang isang anekdota tungkol sa batang si Dr. Jose Rizal at isulat kung ano ang natutuhan mo mula dito.


Isang hapon sa ilalim ng puno, habang ang lahat ay namamahinga. Lumapit si Pepe sa kaniyang ina na noon ay abala naman sa pagbuburda. Sinabi niya sa kaniyang ina na nais niyang matutunan ang abakada. Kahit anong paliwanag ng kaniyang ina na siya ay bata pa upang pag-aralan ito hindi tumigil ang batang si Pepe sa pagpupumilit na ito ay matutuhan. Kaya't walang nagawa ang kaniyang ina kundi ituro isa-isa ang pangalan at tunog ng bawat letra. Makalipas ang dalawang oras, ang lahat ay namangha dahil natutuhan at nakabisa na agad ni Pepe ang pangalan at tunog ng lahat ng letra sa abakada.

Isaisip Mo

Ang anekdota ay isang akda tungkol sa _____ ng isang _____
tao.

Isapuso Mo

Kompletuhin ang mukha upang maipakita ang iyong damdamin matapos
makabasa ng ilang mga ankedota. Sa ilalim nito, isulat kung bakit ito ang naging
damdamin.



_____ ako dahil _____.

Isulat Mo

Sumulat ng isang maikling sariling anekdota.

Aralin 5

Pagbasa ng Talaarawan

Tuklasin Mo

Tukuyin ang kahulugan ng salita na may salungguhit sa bawat pangungusap.

1. Namasyal kami sa plaza na malapit sa amin. Naglaro kami ng aking kapatid sa palaruan. Ibinili rin kami ni Tatay ng paborito naming ice cream.
2. Sina Nanay naman ay naghintay sa amin sa may patio ng simbahan. Marami kasi ditong upuan at hindi mainit.
3. Sina Kuya naman ay nanood ng basketbol sa basketball court na katapat ng plaza. Naglalaro kasi ang paborito nilang koponan.

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito upang maunawaan ang babasahing kuwento.

Alamin Mo

Basahin.

Lunes, Marso 9

Excited kaming lahat. Ngayon ang simula ng Palarong Pampaaralan. pumarada kami sa buong plasa kasama ang mga maglalaro sa buong linggo. Nakatutuwa ang dami kong nakita sa plaza. Ang lulusog ng mga halaman na nakatanim sa may patio ng simbahan. Nakita ko rin ang paborito naming kainan ni Nanay, nagutom tuloy ako.

Ang layo ng nilakad naming pero hindi ako nakaranas ng pagod kasi masaya kaming lahat.


Martes, Marso 10

Unang laro ang basketbol. Ang saya ng lahat. Ang lakas ng sigawan sa basketbol court. Ang init ng labanan. Pero salamat naman at nanalo ang aming koponan sa unang paghaharap ng mga magkakatangali. Sa isang araw lalaban ulit ang aming team sa mananalo bukas. Ang tagal namang dumating ng Huwebes.

Tungkol saan ang binasang teskto?
Ano-ano ang nakasulat ditong detalye?
Ano ang tawag sa binasang teksto?

Ang tekstong binasa ay tinatawag na talaarawan. Isinasaad dito ang mahahalagang pangyayari sa buhay sa loob ng isang araw. Maaaring ito ay masaya o malungkot man. Maaari ring isulat dito ang mga naramdaman sa loob ng isang araw.

Ibigay ang hinihingi ng bawat kahon mula sa binasang talaarawan.



Ano-ano ang pangngalan na ginamit sa binasang talaarawan? Paano mo ipapangkat ang mga ito?

Gawin Ninyo

Pumili ng isa at ipakita ang mahahalagang datos mula dito sa tulong ng ibinigay na balangkas.


1. Pebrero 2, Linggo

Maaga akong gumising, kaarawan ko kasi ngayon. Paglabas ko ng silid-tulugan naming wala si Nanay sa aming salas. Wala rin si Tatay sa aming hardin. Wala si Kuya sa likod-bahay. Hinananap ko sila sa lahat ng sulok ng aming bahay. Wala talaga sila. Iiyak na ako nang biglang may kumulbit sa akin. Si bunso may dalang isang maliit na cake para sa akin kasama sina Nanay, Tatay, at Kuya.

2. Mayo 1, Lunes

Walang pasok sina Tatay. Pinagbihis niya ako at may pupuntahan daw kami. Saan kaya kami mamasyal? At dahil excited nga ako kaya mabilis naman akong nagbihis. Sumakay kami sa jeep at ilang saglit pa nasa isang lugar kami na maraming tao. Ilang saglit pa, naglakad-lakad kami kasama pa ng ibang kaibigan ni Tatay. Binigyan kami ng isang pala at isang binhi ng puno. Kaunti pang lakad at narrating naming ang isang butas. Inilagay ni Tatay ang dala naming binhi. Ako naman ang nagtabon dito ng lupa. Sabi ni

Tatay, aalagaan daw naming ang puno na ito na nakapangalan sa akin.



Gawin Mo

Ibigay ang hinihingi ng ibinigay na balangkas.

Enero 23, Miyerkules

Sa wakas pinayagan din ako nina Ama at Ina na sumama sa taunang field trip ng aming paaralan. Nakita ko na rin sa wakas ang pinakamaliit na plaza sa buong Pilipinas. Akalain mo andito lamang pala iyon dito sa amin. Kasing laki lamang ito ng isang basketball court at talagang hindi man ako pinagpawisan nang inikot namin ito. Sumalubong sa amin ang isang malaking marker na may nakasulat na “Smallest Plaza,” ang isang rebulto ni Dr. Jose Rizal. Nakakaaliw talaga itong maliit na plaza sa Jordan, Guimaras, ang una naming pinuntahan sa bayan ng Guimaras. Marami pa kaming pinuntahan tulad ng plantasyon ng ipinagmamalaking mangga ng bayan. Binisita rin namin ang Monasteryo ng Trappist. Dito daw nakatira ang mga paring monghe. Yung iba sa amin nagdasal, yun namang iba namili ng mga pasalubong. Nakapapagod talaga ang araw na ito.

Ngalan ng Tao	Ngalan ng Bagay	Ngalan ng lugar

Isaisip Mo

Ang talaarawan ay isang akda tungkol sa _____.

Isapuso Mo

Nakita mo ang talaarawan ng kapatid mo, ano ang gagawin mo?

Isulat Mo

Sumulat ng isang maikling tula tungkol sa mga gawain mula Lunes hanggang Linggo.

Aralin 6

Pagbasa ng Talambuhay

Tuklasin Mo

Tukuyin ang kahulugan ng salita na may salungguhit sa bawat pangungusap.

1. Si Marie ay nagtapos nang may karangalan. Kaya umakyat sa entablado ang kaniyang mga magulang upang sabitan siya ng medalya.
2. Isa siya sa matatalino sa kanilang paaralan, kaya nabigyan siya ng iskolarship sa mataas na paaralan. Libre na siyang makapag-aaral sa paaralan na malapit sa kanilang barangay.

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito upang maunawaan ang babasahing kuwento.

Alamin Mo

Basahin.

Si Josefa Llanes Escoda na kilala rin sa pangalang Pepa ay panganay sa pitong anak nina Mercedes Madamba at Gabriel Llanes. Ipinanganak siya sa Dingras, Ilocos Norte.

Isang matalinong mag-aaral, sa katunayan, isa siyang balediktoryan nang mag-aral siya sa elementarya samantalang salutatoryan nang magtapos ng mataas na paaralan sa kanilang lugar.

Nais niyang maging guro kaya siya ay nag-aral sa Paaralang Normal ng Pilipinas na kung saan siya ay nagtapos nang may karangalan noong 1919.

Noong 1922, nagkamit siya ng diploma sa pagtuturo sa mataas na paaralan mula sa Pamantasan ng Pilipinas. Natapos niya ang kursong ito habang nagtuturo sa paaralan.

Nagkaroon siya ng pagkakataon na makapagtrabaho bilang isang manggagawang panlipunan sa Amerikanong Pulang Krus na nakabase sa Pilipinas. Sa kaniyang pamamalagi dito, nabigyan siya ng iskolarship sa Estados Unidos at nakamit ang pagkadalubhasa sa sosyolohiya.

Noong 1925 naman, nakamit niya ang degrading-pang master sa Gawaing Panlipunan sa Pamantasan ng Columbia.

Habang dumadalo ng Pandaigdigang Liga para sa Kapayapaan ng mga Kababaihan (Women's International League for Peace) noong 1925 sa Estados Unidos, nakilala niya si Antonio Escoda, isang tagapag-ulat mula sa Tanggapan ng Pagpapahayag ng Pilipinas (Philippine Press Bureau) na naging kabiyak ng kaniyang puso. Biniyayan sila ng dalawang mga anak, sina Maria Theresa at Antonio.


Taong 1933, muli siyang nagbalik sa Estados Unidos at sumailalim sa pagsasanay kaugnay ng mga Batang Babaeng Tagapagmanman ng Estados Unidos.

Matapos ang pagsasanay na ito at makabalik siya sa Pilipinas, nagsanay naman siya ng mga batang babae upang maging pinunong Tagapagmanmang mga Batang Babae na naging daan upang maitatag upang maitatag ang Mga Tagapagmanmang mga Batang Babae sa Pilipinas. Ito naman ay pinalakas ng isang karta na nilagdaan nu Pangulong Manuel L. Quezon noong Mayp 26, 1940.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nilusob ng mga puwersang Hapones ang Pilipinas. Dinakip ang kaniyang asawa at naglaon ay siya ang isinunod. Ikinulong ang mag-asawa at hinatulan ng kamatayan dahil sa kanilang pagtutol sa pananatili ng mga Hapones sa Pilipinas.

Huling nakitang buhay si Pepa noong Enero 6, 1945.

Pangalan ng Sikat na Tao:



Sagutin:

1. Tungkol saan ang binasang teskto?
2. Ano-anong impormasyong nakuha mo mula dito?
3. Ano ang tawag sa binasang teksto?
4. Ano-ano ang pangngalang ginamit sa binasang talambuhay?
5. Ano-ano ang ginamit na pamalit o panghalili sa mga pangngalang ginamit?
6. Bakit gumagamit ng panghalip sa isang talata?

Gawin Ninyo

A. Gumawa ng isang timeline upang maipakita ang mahahalagang pangyayari sa ibinigay na talambuhay. Bilugan ang mga panghalip na ginamit.

Taal na taga Tanauan, Batangas ang tinaguriang Dakilang Paralitiko at Utak ng Katipunan. Si Apolinario Mabini ay pangalawa sa walong mga anak nina Inocencio Mabini at Dionisia Maranan. Ipinanganak siya noong Hulyo 23, 1864.

Hindi naging hadlang ang kahirapan ng kanilang pamilya upang magtagumpay siya sa pag-aaral. Taong 1887 nang makatapos siya ng kursong edukasyon at abogasiya nang taong 1894. At naging ganap na abogado noong 1895.

Nagkasakit siya ng polio na naging sanhi ng kaniyang pagiging paralitiko. Ngunit katulad ng kahirapan, hindi ito naging hadlang upang magsilbi sa bayan at sa kaniyang kapuwa Pilipino.

Naging matapat at mabuti siyang tagapayo ni Emilio Aguinaldo sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Isa siya sa mga naging instrument sa pagkakatag ng sistemang politikal sa bansa, ang pagtatatag ng barangay, munisipyo, mga lalawigan at ang pagkakatatag ng hudikatura sa bansa. Siya rin ang Punong Ministro ng bansa nang magsama-sama ang mga rebolusyonaryo sa Malolos, Bulacan. At dahil dito tinagurian siyang “Utak ng Rebolusyon.”

Nagsulat si Mabini ng mga artikulo na humihingi ng pagbabago mula sa Amerikano na naging dahilan ng kaniyang pagkakabilanggo noong Setyembre 10, 1899. Nang mapalaya noong Setyembre 23, 1900, ipinapagtuloy niya ang kaniyang pagsulat sa isang lokal ng pahayagan at nanirahan sa Nagtahan, Maynila. Dahil sa kaniyang mapangahas na mga artikulo, tuluyan siyang ipinatapon ng mga Amerikano sa Guam noong Enero 5, 1901. Ngunit sa labis niyang pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan, bumalik siya sa bansa at napilitang mangako ng katapatan sa Amerika noong Pebrero 26, 1903.

Namatay siya noong May 13, 1903, sa edad na 39 dahil sa sakit na kolera.

Gawin Mo

A. Basahin at ibigay ang hinihingi ng balangkas na ibinigay.

Si Cayetano Arellano ay ipinanganak sa Orion, Bataan noong Marso 2, 1897. Sa gulang na limang taon isinama siya ng isang paring Dominiko sa Maynila. Ginawa siyang katulong sa *Colegio de San Juan de Letran* upang makapag-aral.

Laging nangunguna si Cayetano sa kaniyang mga kaklase na pawing anak-mayaman. Marunong magbadyet si Cayetano ng kaniyang mga oras sa gawain at sa pag-aaral.

Sa gulang na 15 taon ay natapos niya ang *Bachelor of Philosophy* sa Letran. Nakuha niya ang *Bachelor of Law* noong 1895 sa Unibersidad ng Santo Tomas. Noong 1899 ay nahirang siyang Punong Hukom ng Korte Suprema ng dating Pangulong William McKinley. Ipinadala siya sa isang panayam ng mga hukom mula sa iba't ibang bansa noong 1904. Napagkaisahan nilang ganapin ang International Congress of Jurist sa St. Louis.

Sa mesang kaharap ni Cayetano sa loon ng pulungan at nakasulat ang bansang kaniyang kinatawan – Amerika. Nagtataka ang mga delagadong naroon. Si Cayetano ay may kayumangging balat at siya ay maliit na lalaki. Ang inaasahan ng mga Delgado ay isang hukom na Amerikano.

Malaki ang paghanga at pagtitiwala ng dating pangilong Theodore Roosevelt ng Amerika kay Cayetano. Siya ay pinili pagkat balita hanggang Amerika ang kaniyang pambihirang katalinuhan lalo na sa kaalaman sa batas.

Nang magsalita si Cayetano sa pulong na iyon ay nagtanong muna siya, “Anong wika ang nais ninyong gamitin ko? Español? Latin? Ingles?” Nagulat ang mga hukom na naroon. Ginamit niya ang wikang Latin pagkat maraming delegado nang nakauunawa nito. Walang patid na palakpakan ang iginati sa kaniyang talumpati. Pinakamaganda at pinamalaman ang kanilang narinig.

Noon din ay nakilala ang Pilipinas sa buong mundo dahil kay Cayetano Arellano. Itinuring siyang isa sa pinakadakilang hukom na Pilipino.

Pinatunayan ni Cayetano Arellano na ang kahirapan ay hindi hadlang sa pag-aaral.

Tao
Petsa at Araw ng Kapanganakan
Sa kaniyang kabataan
Edukasyon
Sa kaniyang kabataan
Naiambag sa Pilipinas

B. Gamit ang mga impormasyon mula sa balangkas na natapos, sumulat ng isang maikling talata gamit ang mga panghalip.

Isaisip Mo

Ang panghalip ay mga salitang ginagamit _____.

Ang talambuhay ay isang akda tungkol sa _____.

Isapuso Mo

Gumawa ng isang kard ng pasasalamat para sa isang taong nabasa mo ang kaniyang talambuhay at nagustuhan mo ang mga nagawa niya para sa bansa.

Isulat Mo

Sumulat ng isang talatang nagsasalaysay tungkol sa isang sikat na tao. Gamitin ang balangkas sa Alamin Mo upang maging gabay sa pagsulat.

Aralin 7

Pagbibigay ng Angkop na Pamagat

Tuklasin Mo

Sino ang naging panauhin na sa inyong tahanan?
Ano-ano ang ginawa mo nang dumating siya sa inyo?

Alamin Mo

Basahin ang talata na ito.

Isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin.

Sagutin.

1. Ano ang katangiang ng mga Filipino na binanggit sa talata?
2. Paano ito ipinapakita ng mga Filipino?
3. Tama ba ang mga gawaing kanilang nakaugalian?
4. Kung ikaw ang masusunod, tama pa ba na ito ay ipagpatuloy? Bigyang-katwiran ang sagot.
5. Ano ang pangunahing diwa ng talatang binasa?
6. Ano-anong pangungusap ang sumusuporta dito?
7. Ano ang pamagat na angkop sa talatang binasa?
8. Ano-ano ang dapat tandaan sa pagbibigay ng pamagat sa isang talata?

Gawin Ninyo


A. Bigyan ng angkop na pamagat ang bawat talata.

1. Ang kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago ang mismong araw ng kapistahan, may siyam na araw na novena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa Ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga bangka.
2. Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang

pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.

Gawin Mo

Nais mong ipakilala ang Barangay Maligaya sa isang bisita. Pag-aralan ang mapang ito upang makasulat ng isang talata na may lima hanggang walong pangungusap tungkol dito. Lagyan ito ng sariling pamagat.



Isaisip Mo

Sa pagbibigay ng pamagat sa isang talata, kailangan kong malaman ang _____. Ang mga katangian ng isang pamagat ay _____, _____, at _____.

Isapuso Mo

Ano-ano ang dapat gawin kung may parating na panauhin?

Isulat Mo

Sumulat ng isang karanasan sa pagtanggap ng bisita. Bilugan ang mga panghalip na ginamit. Lagyan ng angkop na pamagat.

Aralin 8

Pagbabalangkas

Tuklasin Mo

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pangarap mo sa buhay?
2. Paano mo matutupad ang iyong pangarap?

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang natutuhan sa mga tanong na ito upang maunawaan ang babasahing teksto.

Alamin Mo

Basahin.

Tinig ng Kabataang Pilipino

Ang kabataan ay may pangarap sa buhay. Nais nilang ipakita ang tapat na pagmamahal sa bayan. Nais ng kabataan na ang nagpapatupad ng mga batas ng bansa ay mamamayang nagpapanatili ng katahimikan. Laging sinisiguro ang kapayapaan. Nais nila ang mga tapat na pinuno at mamamayang nagmamahal sa Diyos.

Pangarap ng kabataan ang pagkakaroon ng ligtas na kapaligiran. Kapaligirang may sariwang hangin, malinis na tubigan at matabang lupa. Isang magandang kapaligirang walang polusyon. Idagdag pa rito ang isang tahimik at maunlad na pamayanan.

Hangad rin ng kabataan na magkaroon ng tunay na edukasyon. Gabay nila ang edukasyon para sa kinabukasan. Ang kaalamang natamo sa mga kursong kanilang pinili ay tulong sa kanila na makakuha ng trabaho na angkop sa tinapos na kurso. Karamihan sa kanila ngayon ay nasa kursong panteknolohiya.

- ALSA & E

Sagutin.

1. Ano ang pamagat ng akda?
2. Ilang pangunahing paksa mayroon ang seleksiyong iyong binasa?
3. Ano ang:
 - Unang pangunahing paksa?
 - Ikalawang pangunahing paksa?
 - Ikatlong pangunahing paksa?
4. Ano-ano ang detalyeng sumusuporta sa:
 - Unang pangunahing paksa?
 - Ikalawang pangunahing paksa?
 - Ikatlong pangunahing paksa?

Ngayon gamitin ang mga sagot sa mga naunang tanong upang makabuo ng isang balangkas sa anyong pangungusap.

Pamagat: _____

- I. _____
A. _____
B. _____
C. _____
- II. _____
A. _____
B. _____
C. _____
- III. _____
A. _____
B. _____
C. _____

Gawin Ninyo

Gumawa ng isang balangkas tungkol sa tekstong ito.

Katipunan

Maraming taon na ang nakalipas, ang Pilipinas noon ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng España. Sa pagnanais ng mga Pilipinong makalaya ay nagtatag sila ng isang samahan. Ang samahan ay nakilala sa tawag na Katipunan- Kataas-taasan, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan.

Ang samahan ay binubuo ng matatapang na bayani. Sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at Dr. Pio Valenzuela ang magkakasama sa pamumuno ng samahan. Si Bonifacio ang kanilang Supremo. Kinilalang Utak ng Katipunan si Emilio sapagkat siya ang sumulat ng Kartilya ng Katipunan na kinapapalooban ng mahahalagang aral.

Naganap ang Unang Sigaw ng pugadlawin noong ika-23 ng Agosto 1896 nang matuklasan ng mga Español ang samahan. Buong giting na nakipaglaban ang mga bayani sa pagtatanggol sa kalayaan. Ang mataas na bantayog sa Balintawak ang magpapaalala sa atin ng Unang Sigaw ng Paghihimagsik.

- *Hiyas sa Wika p. 90*

Gawin Mo

Gumawa ng balangkas tungkol sa iyong gawain sa bahay at paaralan. Hatiin ang iyong gawain sa tatlong pangunahing paksa.

- I. Mga Gawain Bago Pumasok sa Paaralan
II. Mga Gawain sa Paaralan
III. Mga Gawain Pagkagaling sa Paaralan

Isaisip Mo

Ang balangkas ay binubuo ng mga _____ at _____ tungkol sa isang _____.

Isinusulat ito sa paraang _____ at _____.

Ang balangkas sa anyong pangungusap ay binubuo ng mga _____.

Isapuso Mo

Paano pahahalagahan ang mga magagandang kaugalian ng mga Filipino?

Isulat Mo

Sumulat ng isang talaarawan batay sa natapos na balangkas sa Gawin Mo.

Aralin 9

Pagpuno ng Datos sa Isang Form

Tuklasin Mo

Magbigay ng tatlong salita na naaalala mo sa salitang **form**.

Alamin Mo

Ano ang isusulat mo sa form na ito?

Pangalan	_____	_____	_____
	Apelyido	Pangalan	Gitnang Pangalan
Kapanganakan	_____	_____	_____
	Araw	Buwan	Taon
Tirahan	_____	_____	_____
	Barangay	Lungsod/Munisipyo	Lalawigan
Paaralan			
Pangalan ng Magulang			
Tatay	_____	_____	_____
	Apelyido	Pangalan	Gitnang Pangalan
Nanay	_____	_____	_____
	Apelyido	Pangalan	Gitnang Pangalan
Lagda	_____	Petsa ng Paglagda	_____

Sa paglalagay ng mga impormasyon na hinihingi ng isang form, kinakailangang tandaan ang sumusunod:

1. Isulat sa isang malinis na papel ang mahahalagang impormasyon na may kinalaman sa iyo.
2. Basahin muna nang mabuti ang ibinigay na form, magtanong kung may hindi nauunawaan.
3. HINDI lahat ng hinihingi sa isang form ay kailangan mong lagyan ng kasagutan. Kung hindi para sa iyo ang tanong, panatilihin itong blanko.
4. Kapag sinabi na isulat ang iyong sagot sa block letter, ibig sabihin nito malalaking letra ang isusulat mo.

5. Kapag ang ibinigay na form sa iyo ay katulad nito:

APELYIDO	<input type="text"/>
PANGALAN	<input type="text"/>
GITNANG PANGALAN	<input type="text"/>
TIRAHAN	<input type="text"/> <input type="text"/>

- Mag-iwan ng isang kahon matapos ang isang salita.
- Gumamit ng letra na nakasulat ng block.
- Sa pagsulat ng petsa, isang kahon isang numero ang pagsulat. Kung single-digit ang numero, lagyan ito ng 0 sa simula nito.

Gawin Ninyo

A. Nais ninyong makagamit ng aklat mula sa silid-aklatan, punan ng tamang impormasyon ang form upang mapahintulutan na makapasok dito.

Apelyido	<input type="text"/>
Pangalan	<input type="text"/>
Gitnang Pangalan	<input type="text"/>
Baitang/Seksyon	<input type="text"/>
Petsa ng Paghiram ng Aklat	<input type="text"/>
Pangalan ng Aklat	<input type="text"/>
May-Akda ng Aklat na Hinihiram	<input type="text"/>
Petsa ng Pagsauli ng Aklat	<input type="text"/>
Lagda	<input type="text"/>

B. Gamitin ang mga nakasulat sa natapos na form upang makasulat ng mga pangungusap na may panghalip. Tukuyin ang pinalitan ng panghalip na ginamit.

Gawin Mo

Isipin ang paborito mong kuwento at sagutan ang form na ito.

Ang Paboritong Kuwento	_____
Pangalan	_____
Pamagat ng Kuwento	_____
May Akda	_____
Tagaguhit	_____
Sino-sino ang tauhan?	_____
Simula ng Kuwento	_____
Gitna ng Kuwento	_____
Katapusan ng Kuwento	_____
Ang Paborito bahagi ng kuwento	_____
Nagustuhan mo ba ang kuwento?	_____
Bakit?	_____

Isaisip Mo

Sa pagpuno ng mga impormasyong kailangan ng isang form, kailangan kong tandaan ang sumusunod _____, _____, at _____.

Isapuso Mo

Sagutan ang form na ito upang maipakita ang tunay mong nararamdaman.

Ako sa Aking Paaralan
Mahusay ako sa _____.
Nangangailangan ako ng tulong sa _____ dahil _____.
Mapaghuhusay ko ang aking pag-aaral sa pamamagitan ng _____.

Isulat Mo

Gumawa ng isang form na nais mong pasagutan sa iyong kaklase.

Aralin 10

Pagbibigay ng Paksa ng Isang Talata

Tuklasin Mo

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang ginagawa ng isang mangangaso?
2. Ano ang pagkakaingin?

Tandaan mo ang kahulugan ng mga salitang natutuhan sa mga tanong na ito upang maunawaan ang babasahing teksto.

Alamin Mo

Basahin ang talata na ito.

Pinaniniwalaang ang Aeta ang isa sa mga pangkat ng tao na kauna-nakarating at nanirahan sa Pilipinas. Nakarating sila rito sa pamamagitan ng dugtung-dugtong na lupain at nagpalipat-lipat sila ng mga lugar. Sa ngayon, marami sa kanila ay makikita sa mga bundok ng Sierra Madre at Zambales.

Pangangaso ang pangunahing ikinabubuhay ng mga Aeta. Nagkakaingin din sila, nagsusunog ng gubat para makapagtanim ng palay o kamote.

Ang mga Agta ay kabilang din sa tribong Aeta na makikita sa Palanan, Isabela. Karaniwang sa tabing-dagat itinatayo ang kanilang mga bahay na hugis tatsulok. Palipat-lipat sila ng mga lugar. Pangangaso at pangigingisda ang kanilang pangunahing ikinabubuhay. Tulad ng mga Aeta, nagkakaingin din sila.

- MISOSA Module

Sagutin.

1. Tungkol saan ang binasang mga talata?
2. Paano nakarating ang mga Aeta sa bansa?
3. Saan-saan sila makikita?
4. Paano sila nabubuhay?
5. Ilang talata mayroon ang teksto?
6. Ano ang paksa ng unang talata? Pangalawang talata? Pangatlong talata?
7. Ano-ano ang panghalip na ginamit sa teksto?
8. Ano ang pinalitan ng mga ito?

Gawin Ninyo

Ibigay ang paksa ng mga talata.

1. Ang mga Tinggian ay katutubo ng Abra. Nagmula rin ang ilan sa kanila sa mga bundok ng Ilocos Norte at Ilocos Sur. Bahay-kubo na gawa sa kawayan at pawid ang kanilang mga bahay. Nagsasaka at nangangaso sila. Tinatatuan

nila ang kanilang mga katawan. Mahilig din sila sa musika. Ang *Salidomay* ay isang sikat na awit nila. Inaawit nila ito kasabay ang *gansa* o gong.\

• *MISOSA Module*

2. Kabilang ang **Hanunuo** sa tribong Mangyan ng Mindoro. Sa wikang Mangyan, totoo o tunay ang ibig sabihin ng *Hanunuo*. Nakatira sila sa mga bahay na gawa sa kahoy at kogon. Pagkakaingin at pagsasaka ang kanilang hanapbuhay. Nagpuputol ng puno at nangangahoy ang kalalakihan samantalang tumutulong sa pagtatanim ang kababaihan. Napanatili ng mga Hanunuo ang kanilang minanang katutubong alpabetong Filipino. Nagsusulat sila sa kawayan.

MISOSA Module

Gawin Mo

Isulat nang maayos ang paksa ng bawat talata.

1. Ang Manobo ay nagmula sa *Minovo* o *Minobo* na ibig sabihi'y tao o mamamayan. Makikita sa Agusan, Bukidnon, at Cotabato sa Mindanao ang tribong ito. Kilala silang tribong makulay dahil sa kanilang makulay na kasuotan. Bukod dito, pinapalamutihan nila ng mga buto, mga kabibe, at ngipin ng buwaya ang kanilang katawan. Mahilig sa nganga (pangnguya ng ikmo't bunga) ang mga orihinal na katutubong Manobo. May mga tato rin sila sa kanilang mga katawan.
2. Ang mga Tiruray ay nakatira sa Maguindanao, Sultan Kudarat, at Cotabato. Ang *Tiruray* ay nagmula sa mga salitang *Tiru* (lugar ng kapanganakan o pinagmulan) at *Ray* (mula sa daya-dakong hulo ng sapa o ilog). Nahahati sila sa grupong nagbago ng tradisyon at grupong tradisyunal. Ang mga Tiruray na nagbago ng tradisyon ay ang mga nagkaroon ng malapit na ugnayan sa mga grupong Kristiyano at Muslim. Ang mga Tiruray na tradisyunal ay ang mga nagpanatili ng kanilang lumang kaugalian at paniniwala. Hanapbuhay nila ang pagsasaka, pangangaso, pangingsda, at pangangalap ng mga produkto ng gubat. *Inged* ang tawag sa komunidad ng Tiruray. Sa *Inged*, may isang lider na tumitiyak sa paghahawan ng bukid, pagtatanim at pag-ani ng mga pananim at pantay-pantay na pamamahagi ng pagkain.

Isaisip Mo

Ang paksa ng isang talata ay _____.

Isapuso Mo

Paano mo ipagmamalaki ang pagiging Filipino?

Isulat Mo

Sumulat ng isang liham para sa isang kaibigan. Ikuwento sa kaniya ang mga natutuhan mo tungkol sa mga pangkat-etniko ng Pilipinas. Bilugan ang mga panghalip na ginamit. Gawin ito sa isang malinis na papel.